

MAYROON KANG KARAPATAN NA MAGBIGAY NG MGA KONTRIBUSYON SA MGA NONPROFIT SA PAMAMAGITAN NG IYONG EMPLOYER


Sa ilalim ng Fast Food Deductions Law (Batas sa mga Pagkakaltas sa Fast Food) ng NYC, dapat igalang ng mga employer sa fast food ang mga kahilingan ng empleyado na ikaltas ang mga boluntaryong pagbabayad mula sa kanilang mga sahod upang ipadala sa mga nonprofit na may sulat ng pagpapatala mula sa Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA) ng NYC. Dapat ipaskil ng mga employer ang abisong ito kung saan ito ay madaling makikita ng mga empleyado sa bawat lugar ng trabaho sa NYC.

Saklaw ng Batas ang mga Manggagawa sa Fast Food

Ang mga empleyadong nagsasagawa ng hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na tungkulin sa isang establisyemento ng fast food sa NYC:

- serbisyong pang-kostumer
- pagluluto
- paghahanda ng pagkain o inumin
- paghahatid sa labas ng establisyemento
- seguridad
- pag-iimbak ng mga panustos o kagamitan
- paglilinis
- mga tungkulin sa karaniwang pagpapanatili

Ang batas ay naaangkop anuman ang katayuan sa imigrasyon.



Hindi maaaring magparusa, magmulta, gumanti, o gumawa ng aksyon ang mga employer laban sa mga empleyado na maaaring pumigil o humadlang sa kanila sa paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Ang mga manggagawa ay dapat agarang makipag-ugnayan sa OLPS tungkol sa pagganti. Tingnan sa ibaba.

Iyong mga Karapatan



Mag-awtorisa ng Boluntaryong Pagkaltas at mga Kontribusyon sa Isang Nonprofit

Upang masiguro na gagawin ng iyong employer ang mga pagkakaltas mula sa iyong sahod at isusumite ang mga kontribusyon sa isang nonprofit, ang nonprofit ay dapat magsumite ng nakasulat na awtorisasyon mula sa iyo sa iyong employer na may:

- Pirma mo
- Pangalan at tirahan mo
- Halaga, dalas, at petsa ng simula ng mga kontribusyon
- Pangalan, tirahan, at impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa nonprofit
- Pahayag na ang mga pagkakaltas at kontribusyon ay boluntaryo at napapawalang-bisa

Ang mga pagkakaltas ay dapat magsimula sa o bago ang unang panahon ng sahod 15 araw pagkatapos matanggap ng iyong employer ang nakasulat na awtorisasyon. Ang iyong employer ay hindi kinakailangang gumawa ng mga pagkakaltas ng mas mababa sa \$3 kada linggo o gumawa ng mga pagkakaltas ng higit sa isang beses kada panahon ng sahod.

Ang iyong employer ay dapat:

- Ibigay sa nonprofit ang kopya ng nakasulat na awtorisasyon sa loob ng 5 araw ng pagkatanggap nito, kung ibinigay mo ang nakasulat na awtorisasyon sa employer.
- Itala ang mga pagkakaltas sa iyong pahayag ng sahod.

Ang iyong employer ay hindi maaring:

- Gumawa ng mga pagkakaltas nang walang awtorisasyon mo.
- Atasan ka na magbayad ng kabayaran para sa mga pagkakaltas.



Pagbawi ng Awtorisasyon

Upang ihinto ang mga boluntaryong pagkakaltas at kontribusyon, dapat magsumite ka ng nakasulat na pagsasawalang-bisa sa nonprofit na magpapadala ng pagsasawalang-bisa sa iyong employer. Ang mga pagkakaltas ay dapat magtapos sa o bago ang unang panahon ng bayad 15 araw ng pagkatanggap ng iyong employer ng nakasulat na pagsasawalang-bisa mula sa nonprofit.



Pagtanggap ng Impormasyon tungkol sa Nonprofit

Ang nonprofit ay dapat ibunyag sa iyo ang kanilang:

- Pangalan, tirahan, email, website (kung mayroon), numero ng telepono, at impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa taong responsable para sa mga awtorisasyon at pagsasawalang-bisa
- Layunin, mga programa, at larangan na pagtutuonan
- Listahan ng mga opisyal at patnugot, kabilang ang mga indibidwal na kumikita ng higit sa \$100,000 na naging or kasalukuyang mga empleyado ng nonprofit
- Pinansyal na impormasyon
- Katibayan ng aktibong hindi-para-sa-kita na katayuan

Ilegal para sa isang nonprofit na gumawa ng huwad o nakalililang na mga pahayag sa iyo.

Ang mga organisasyon ng manggagawa ay hindi maaaring humingi ng mga kontribusyon. Anumang nonprofit na iyong inawtorisa upang tumanggap ng mga kontribusyon ay dapat ipaalam sa iyo ang mga sumusunod:

MGA KONTRIBUSYON SA MGA ORGANISASYON NG MANGGAGAWA:

Ang mga organisasyon ng manggagawa na itinukoy ng Batas sa Pambansang Kaugnayan ng Manggagawa, mga organisasyon ng empleyado na itinukoy ng sub-dibisyon 5 ng seksyon 201 ng batas sa serbisyong sibil, at mga organisasyon ng manggagawa na itinukoy ng sub-dibisyon 5 ng seksyon 701 ng batas sa paggawa ay hindi pinahihintulatang humingi ng mga pagpapadala ng bayad sa ilalim ng kapitulong ito alinsunod sa sub-dibisyon b ng seksyon 20-1310 (Lokal na Batas 98 ng 2017).

Magsampa ng reklamo

Ipinapatupad ng Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng DCA ang Fast Food Deductions Law at ibang mga batas sa paggawa ng NYC.

Upang magsampa ng reklamo sa OLPS, pumunta sa nyc.gov/dca o tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC) at itanong ang tungkol sa "Deductions Law." Magsasagawa ang OLPS ng imbestigasyon at susubukang lutasin ang iyong reklamo. **Papanatiliing kumpidensyal ng OLPS ang iyong pagkakakilanlan maliban kung ang pagbubunyag ay kinakailangan upang makumpleto ang imbestigasyon o kung iniatas ng batas.**

Maaari ka ring magsampa ng kaso sa korte. Subalit, hindi ka maaaring magkaroon ng reklamo sa OLPS at kaso sa korte nang sabay.

Makipag-ugnayan sa OLPS

Bumisita sa nyc.gov/dca, mag-email sa FWW@dca.nyc.gov, o tumawag sa 311 at itanong ang tungkol sa "Deductions Law."



Consumer
Affairs

Bill de Blasio
Mayor

Lorelei Salas
Commissioner